CREATIVE MINDS Christian Learning School
12 Menandro St., Pamplona 1, Las Pinas City 1740

S.Y. 2022-2023

**Lagumang Pagsusulit 2.2**

**FILIPINO 4**

Pangalan :_________________________________ Iskor:_____________________
Baitang/Pangkat: ____________________________ Guro: Bb. Chriseila B. Aleno
I.Basahin ang maikling kwen

## ALAMAT NG BAYABAS

Isang hari noon na nagngangalang Haring Barabas na ubod ng sungit at napakabihirang tumulong sa mga taong lumalapit at humihingi ng tulong sa kanya. Nag iisa lang sa buhay ang hari at wala siyang pamilya. Laging masasarap na pagkain ang nasa hapag kainan niya, ngunit ni hindi niya man lang mabiyayaan ang mga nagugutom. Minsan, may pulubing babae na nanghihingi ng pagkain sa kanya, ngunit ayaw itong bigyan ng maramot na hari , kung kaya't ang mga mumok at mga tira tira niya ang pinagtyagaang pulutin at kainin ng pulubi.

Hindi nagtagal ay nagkasakit siya, at nalagutan ng buhay. Ngunit ni wala man lamang nakipag libing sa kanya kundi ang kanyang mga katulong sa palasyo.

Lumipas ang mga araw, may napansing kakaibang halaman na tumutubo sa puntod kung saan nakahimlay ang hari. At nagbunga ang punong ito ng bilog na bunga na kung saan ay napansin ng kanyang dating mga kasambahay na tila may korona ang prutas. Maasim ito kapag medyo hilaw pa, sumisimbolo ng asim ng pag uugali ng hari ng ito'y nabubuhay pa. At ang prutas na ito ay tinawag ng mga taong bayabas, ang alaala ni Haring Barabas.

Sagutan ang mga tanong.

1. Ano ang hindi magandang pag-uugali ng hari sa Kuwento?

_______________________________________________

2. Bakit kaya walang nakipaglibing sa hari nang siya ay namatay?

_______________________________________________

3.Saan tumubo ang kakaibang halaman na nagbunga ng bilog na prutas?

_______________________________________________

4. Bakit bayabas ang ipinangalan sa kakaibang halamang tumubo sa puntod kung saan nakahimlay ang labi ng hari?

_______________________________________________

5. Ano ang isinisimbulo ng maasim na prutas na ito?

_______________________________________________

LIVEWORKSHEETS

II. Isulat ang **K** sa patlang kung katotohanan ang detalye batay sa pangungusap , at **O** kapag opinion.

__________6. Ang nanay ang nagsilang sa anak.

__________7. Kailangan ng tao ang pagkain para mabuhay.

__________8.Sinabi ni Andres na mainit sa Baguio ngayun.

__________9.Habambuhay na magpapasalamat ang anak sa nanay.

_________10. Para sa akin, lechon ang pinakamasarap sa handaan.

III. Isulat sa loob ng kahon ang aspektong magaganap ng sumusunod na mga Pandiwa.

11. luto

12. usap

13. tawag

14. kain

15. talon

IV. Basahin ang pangungusap. Tukuyin kung anong pandama ang maiuugnay sa sumusunod na pang-uring may salungguhit.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **pang-hipo** | **pandinig** | **pan-amoy** | **panlasa** | **paningin** |

______________16 .Paborito ni Lola ang Bicol express kahit ito ay maanghang.

______________17. Malakas ang alon ng dagat tanda ng papalapit na bagyo.

______________18. Amoy na amoy ang mabahong basura na nakatambak sa gilid ng kalsada.

______________19. Matinis ang boses ng mga batang naglalaro sa kalsada.

______________20. Maginhawa ang pamumuhay ng pamilya ni Aiza dahil piloto at doctor ang kanyang mga magulang.

LIVEWORKSHEETS